


# TALBOS NG KAMOTE

Ang talbos ng kamote ay mayaman sa *carbohydrates*, *carotene*, *polyphenolic antioxidants*, bitamina *A* at *C*, *calcium*, *iron*, at *posporus*.



## PANGANGAULANGAN SA LUPA AT KLIMA

Mainan itanim ito sa lupa na mayroong mabuhanging-banlik na buhaghag at mataba sa organikong material na may pH na 5.5-6.8.

Naitatanim ang kamoteng baging sa anumang buwan ng taon, ngunit ito ay mas mainam na itanim sa simula ng tag-araw. Angkop itong itanim sa temperature na 21-29°C.

## PAGPILI NG BINHI

Inirerekomenda na gumamit ng binhing angkop sa kondisyon ng lugar, may mataas na ani at pangangailangan sa pamilihan, at may panlaban sa mga sakit at peste.



## PAGHAHANDA NG LUPANG TANIMAN AT PAGPUPUNLA

Gumamit ng buhaghag na lupa sa pagtatanim ng kamoteng baging. Ihanda ang pananim na gagamitin. Pumutol ng baging ng kamote na may haba na 30-40 cm at mayroong halos walong (8) dahon o buko. Maaaring ibalot ang mga ito sa mamasa-masang tela at ilagay sa may lilim na lugar. Iwan ito ng ilang araw bago itanim upang magsimulang tubuan ng ugat. Itanim ito sa lupa ng pahilis o sa angulong 45° sa pagitan ng 30 cm. Kung ang lupa ay may sukat na 100 $m^2$, ito ay nangangailan ng 330 na pinagputulan.



## PANGANGALAGA

Mainam na maglagay ng binulok na dumi ng hayop. Tiyaking diligan ang taniman. Mas kaunting tubig ang kailangan ng kamoteng baging habang ito ay bata pa at kapag malapit ng anihin ang bunga nito. Tanggalan din ng damo ang taniman.



## PAMAMAHALA NG SAKIT AT PESTE

Ang mga karaniwang peste ng kamote ay bukbok, uod ng uwang, at puting uok. Upang makontrol ang bukbok, takpan ng lupa ang paanan ng mga halaman upang hindi maabot ng mga bukbok ang ugat. Inirerekomenda rin na sirain ang naiwang halaman pagkatapos ito anihin at magtanim ng ibang klaseng halaman sa susunod na taniman.

Para sa karagdagang impormasyon, tumawag o mag text lamang sa FARMERS' CONTACT CENTER
**0920 946 2474**